



Mga Karapatan at Responsibilidad Tubig Natin!



FOCUS
ON THE
GLOBAL
SOUTH



Mga Karapatan at Responsibilidad **Tubig Natin!**



ISBN 978-971-94884 -7-7

Tagapaglathala at may karapatang-ari:

Focus on the Global South - Philippines

19 Maginhawa, UP Village, Diliman, Q.C.

Sa pagsuporta ng:

11.11.11 at Development and Peace

Manunulat: Genevieve Asenjo

Patnugutan: Mary Ann Manahan at Clarissa V. Militante

Mga Ilustrasyon at disenyo ng pabalat: Big Middle Media


Disenyo at layout: Amy Tejada

Maaaring gamitin ang nilalaman ng publikasyong ito lalo na para sa ikabubuti ng interes pampubliko; hinihikayat lamang na bigyan ng atribusyon ang tagapaglathala.

Saan ba
galing ang tubig?
Bakit isang
yaman ito na
nauubos?



THE WATER CYCLE



Wala na sa ideyal o maayos na kondisyon ang mga yamang-tubig ng Pilipinas; resulta ito nang di mahusay at mapanirang paggamit ng tao, at dahil sa pagsasamantala ng mga malalaking korporasyon na sumisira sa mga kagubatan at gumagamit ng yamang-tubig sa pagmimina; nariyan din ang di maayos na pamamahala na sanhi ng mga sirang tubo at iba pang pasilidad.



polusyon

eksploytasyon

mapanirang
gamit

Ilang katotohanan sa
Pilipinas tungkol sa kalagayan
ng yamang-tubig:

5 na lamang sariwa
o di-tubig alat na yamang-tubig
ang maituturing na pwedeng inumin ng tao

1/3 ng ating 'river systems'
ang mapagkukunan ng tubig-inumun

Umaabot sa **58** porsyento ng tinatawag
na 'groundwater' ang kontaminado ng coliform

Wala dapat magmay-ari ng tubig dahil ito ay yamang-kalikasan o natural resource ngunit kailangan ng kolektibong pangangalaga at pamamahala. Ito ang ibig sabihin ng “commons:” ang tubig bilang pinagkukunang-buhay at ikabubuhay/kabuhayan ng lahat ng mamamayan at pamayanan.




Sa kasalukuyang kaayusan may hirarkiya ng mga tagapamahala at tagapangalaga



**Mga Ahensya ng Gobyerno bilang Tagapamahala/
Tagapagpatupad:** National Water Regulatory Board (NWRB),
Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS)
Central Office and Regional Office **Mga Pribadong Negosyo
Bilang Tagapagmay-ari at taga-suplay sa konsumer:**
Manila Water at Maynilad **Mga lokal na komunidad,
kasama na ang mga pamayanang katutubo**

Ang isang dagdag na problema ay ang kawalan ng mahigpit na ugnayan at pag-intindi ng mga ahensiya. Maraming ahensiya ang namamahala sa tubig at walang malinaw na koordinasyon; sari-sariling galaw.




Source: Penaranda I.D. (2009). OIC Policy and Program Division, National Water Resources Board Water Resources Management in the Philippines (Powerpoint Presentation)



Bukod sa krisis sa kalikasan at mga problema sa pamamahala, may mga kaso kung saan di gumagana ang mga lokal o pangdistritong sistema ng tubig. Marami rin sa kanayunan at mga lungsod na komunidad ang walang sapat na tubig at 'access'.

Ang isang pangunahing problema ngayon ay pagsakop ng mga negosyo sa pinagkukunan ng tubig. Isang instrumentong ginagamit, sa pamamagitan ng polisiya ng gobyerno, ay ang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) na binibigay sa malalaking minahan.

Financial
and Technical
Assistance
Agreement
(FTAA)



May mga katutubo tayong Bugkalot, Ifugao, Kalanguya, at Ibaloi sa Brgy. Didipio, Kasibu, Nueva Vizcaya sa Luzon.


Noong 1994, naging host sila ng kauna-unahang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) sa pagmina ng tanso at ginto na iginawad sa Australyanong kumpanya na Climax Arimco Mining Corporation.

Nalipat ang FTAA kalaunan sa Australasian Philippines Mining Inc. at pagkatapos, sa Oceana Gold Philippines, Inc. (OGPI). Noong 2007, nag-file ng apat na aplikasyon para sa permit sa tubig ang affiliate ng OGPI na North Luzon Sustainable Development Corporation (NLSDC) sa National Water Resources Board (NWRB) para mailipat ang 3.8 milyon cubic meter ng tubig mula sa Sapang Tubo at Ilog Dinauyan kada taon.



Ibig sabihin, kapag maaprubahan, maaapektuhan ang lokal na agrikultura. Nakakapagbigay ng 1,538 metric tonelada ng palay ang ganitong volyum ng tubig at kaya nitong makatulong sa pagsagupa sa tagtuyot dala ng El Niño. Magdudulot naman ang operasyon ng OGPI ng dumi na makakasira sa gubat at Ilog Addalam. Maaapektuhan ang Addalam River Irrigation ng mga katutubo.



A hand holding a sign with text in Tagalog. The sign is white with a black border and is held by a hand with a grey sleeve. The background is a solid blue color.


Naaprubahan na ng NWRB
ang aplikasyon sa tubig ng
Oceanagold pero umapila ang
LRC (Legal Resource Center, isang
NGO sa Pilipinas) at organisadong
komunidad sa Court of Appeals;
ang resolution ng CA ay may merito
ang petisyon ng LRC/komunidad
kaya pansamantalang tinigil ang
aplikasyon sa permiso noong 2012.

Isa lang ito sa malinaw na kaso ng banta ng pagmimina. Ngunit hindi nakasaad sa Mining Act ng 1995 ang karapatan sa pagmamay-ari ng mga lokal na komunidad sa kanilang daluyan ng tubig at proteksyon laban sa panghihimasok ng mga pribadong kumpanya

Dapat palitan ang Mining Act. Isang isinusulong ng civil society advocates ay ang Alternative Minerals Management Bill.




**May mga napatunayan nang
alternatibong modelo sa
pangangalaga sa yamang-tubig.**



Isa rito ang karanasan ng Sibalom Natural Park sa Antique sa Visayas. Natutulan ng mga tao ang aplikasyon sa pagmimina dahil nagtulungan ang lokal na komunidad, ang mga NGO, ang munisipyo, at mga akademikong institusyon. Nag-imbita sila ng mga researcher sa pagsagawa ng pag-aaral tungkol sa benipisyong makukuha sa pagprotekta ng mga watershed para mapagtibay ang pagkontra sa pagpasok ng pagmimina. Dahil din dito, napalalim nila ang kaalaman at kahalagahan sa pamamahala sa mga daluyan ng tubig at sa buong kapaligiran.


Nagtagumpay din sa pagtutulongan ang mga sektor sa Salcedo sa Eastern Samar. Napalakas nila ang pampublikong serbisyo sa tubig at naiwasan ang pagsa-pribado sa pamamagitan ng pagpasa ng lehislasyon sa pagprotekta ng watershed. Dahil dito, nabigyan ng kapangyarihan ang komunidad at lokal na gobyerno ng legal na mandato para lumikha at magpatupad ng mga programa sa pagseguro ng suplay ng tubig.





May mga komunidad din na nagsi-seguro ng pananatili ng kanilang pamamahala at kontrol sa serbisyo sa tubig. Nagawa ito ng Tinagong Paraiso sa Bacolod sa Negros Occidental. Nagpatayo ng mga pasilidad para sa tubig-inumin sa mga pampublikon lugar ang lokal na NGO at ng Bacolod City Water District (BACIWA). Ang Asosasyon ang namamahala.

Ganito rin ang ginawa ng Bagong Silang Community Water Service Cooperative sa Caloocan City sa Metro Manila. Nakakuha sila ng sapat na suplay ng tubig mula sa Maynilad Water Services, Inc. (MWSI), isang pribadong kumpanya. Sa pamamagitan ng kooperatiba, may demokratikong kontrol ng pangangasiwa at distribusyon ng tubig sa komunidad.



Public-non-profit partnerships (PuNPPs)

ang tawag sa alternatibong mekanismo na ito sa paghatid ng serbisyo sa tubig.

Nagtatrabaho ang isa o maraming ahensya ng publikong sektor kasama ang isa o marami pang civil society o community-based organization (CBO) sa paghatid ng serbisiyong pantubig.

KOODAM

Ginagawa rin ito sa Timog Asya. Isa rito ang kaso ng Tamil Nadu Rural Water Sector Programme (TNRWSP) sa implementasyon ng Tamil Nadu Water Supply and Drainage Board (TWAD) sa India. Sama-sama ang lokal na mga komunidad sa pamamahala sa serbisyo ng tubig.

Ginawa nila ang Convergence Experiment. Tumulong ang iba't ibang sangay sa paghatid ng irigasyon para sa pagsasaka sa higit 1 milyong pamilya. Kumatig sila sa tradisyonal na gawain ng Koodam, salitang Tamil para sa pagtitipon kung saan namamayani ang pagkakasundo at pagkakapantay-pantay. Dahil dito, naging sensitibo sila sa proseso at partisipasyon ng lahat ng kasapi. Naging “managers of the commons” ang mga inhinyero.

Pangalawa sa popular na alternatibong modelo ang Single public sector agency (Sip). Makikita ang mekanismong ito sa kaso ng Water Supplies Department ng Hong Kong Special Administrative Region Government (HKSARG). Sa loob ng higit 150 taon na paghahatid ng serbisyo, nakapag-invest sila sa gamit at bagong teknolohiya at nakilala bilang


grupo ng mapagkatiwalaang propesyonal. Dahil sa maganda nilang track record sa pamamahala at pagpanatili sa kalidad ng tubig at serbisyo, nakuha nila ang suporta ng mga negosyante at mamamayan.




Sa banta ng komersyalisasyon at pagsa-pribado, nanatili silang matatag. Pinapatupad nila ang sistema na 'social tariff' kung saan nakakakuha sila ng kita sa mga may matataas na gamit para i-subsidize ang mga mababa ang gamit na kadalasan ay mahihirap na pamilya; sa age group naman, ang mababa ang antas ng gamit ay matatanda.



Nariyan din ang **public-public partnerships (PuPs)**. Nakipag-usap ang mga komunidad ng Guadalupe at Patag sa Baybay, Leyte sa mga opisyal ng Visayas State University para makagamit sila ng sobrang tubig ng unibersidad na tumatagas sa mga tubo nito, at maging mula sa maging sa swimming pool. Ginamit nila ang tubig na ito sa pagserbisyo sa sa mga mahihirap sa komunidad.



Nakipag-usap din sila sa Baybay Water District para makakuha sila ng tubig mula sa talon, na ang may karapatang mamahala ay ang BWD. Ang kapalit, aalagaan ng mga komunidad ang daluyan ng tubig maging ang mga tubo at pasilidad sa produksyon at distribusyon ng tubig.



Ano ang mga matutunan natin sa mga tagumpay ng mga alternatibong modelo na ito, at ang kanilang patuloy na mga hamon.



Partisipasyon

Equity

Efficiency

Kalidad

Pananagutan

Transparency

Sustainability

Espasyo para sa trabaho

Pagtutulungan

Kolektibong Sentimento

Kakayahang mailipat ang kultural na paniniwala at gawain, halimbawa ng koodam, sa isang kongkreto at praktikal na solusyon.


Desentralisasyon.

Ang papel ng mga opisyal at burukrasya sa pagsiguro ng pananagutan.

Mahalaga ang papel ng komunidad at ng

“not-for-profit partnerships” sa pagbubuo ng isang demokratikong pampublikong serbisyo sa tubig.

**Kailangan
din ng:**



**Patuloy na pananaliksik
sa mga alternatibo**



**Adbokasiya para maipatupad
ang mga alternatibo**



**Pagsa-popular ng paggawa
ng mga alternatibong modelo**




Isabuhay at Pagtibayin ang Karapatan sa Tubig at Sanitasyon

Ayon sa Resolusyon 64/292 ng UN General Assembly isang panlipunan at kultural na materyal ang tubig. Sinisiguro rin ng resolusyon ang pagkakaroon ng malinis, sapat, abot-kayang tubig pang-inom, at sanitasyon para sa lahat. Kung idedeklara ng Pilipinas ang tubig bilang isang karapatang pantao, bilang polisiya na estado, magkakaroon ang gobyerno ng legal na obligasyon sa pagtitiyak ng abot-kaya at sapat na tubig para sa personal at domestikong gamit. Ibig sabihin, matitiyak ang karapatan sa tubig para sa pangangalaga sa kalikasan, produksyon ng pagkain, hanapbuhay, komersyo, kuryente, at proteksyon ng mga tradisyonal na pinagagalingan ng tubig lalo na sa mga komunidad ng mga katutubo. Mapo-protektahan din ang publiko sa panghihimasok ng mga korporasyon sa mga batayang sektor tulad ng tubig.



Kasabay nito, ang pagrebyu ng Philippine Water Act
ng Clean Water Act, ng Provincial Water Utilities Act,
ng maraming executive order, administrative
order, lokal na batas na maaaring sagabal sa
responsibilidad ng gobyerno sa pagpapatupad ng
batas na ang tubig ay isang karapatang-pantao.



An illustration of a diverse group of people protesting. They are holding several signs with text in Filipino. The background is a solid blue color. On the far left, a partial sign is visible with a 'no parking' symbol and the word 'king'. The protesters are drawn in a simple, bold style with black outlines and flat colors.


Isa-popular
ang mga
polisiya, batas
at papel ng
mga ahensya.

Palakasin
ang papel ng
NWRB bilang
pangunahing
regulator.

Paunlarin ang
pamamahala
at gamit ng
mga database
at information
system.

Palaganapin
at suportahan
ang mga
progresibong
modelo.

Ang
tubig ay
komon



**Sa isang bagong lipunan
at daang matuwid,
karapatang-pantao ang
tubig, isang komon na
yaman at responsibilidad
tungo sa marangal na
pamumuhay.**

ISBN 978-971-94884 -7-7



May suporta mula sa:

